Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T WALONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-24 NG OKTUBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. | - Pang. Punong-bayan-Namuno |
| 2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE | - Kagawad |
| 3. Kgg. RAUL P. AALA | - Kagawad |
| 4. Kgg. LAUDEMER A. CARTA | - Kagawad |
| 5. Kgg. MARCELITO S. LASERNA | - Kagawad |
| 6. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA | - Kagawad |
| 7. Kgg. ARTURO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 8. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ | - Kagawad |
| 9. Kgg. ROMEO P. AALA | - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay |
| 10. Kgg. ARIES A. ALCABASA | - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

Di-Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. ERIC T. PUZON | - Kagawad |

**********

# KAUTUSANG BAYAN BLG. 1102-2001

(Sa mungkahi ni Kgg. Gomez na pinangalawahan
ni Kgg. Algabre)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA MGA NAGMAMAY-ARI AT NAMAMAHALA NG **"COMPUTER-RELATED BUSINESS"** NA MAGPA-ARKILA O MAGPA-UPA NG ***"COMPUTER GAMES"*** SA MGA KABATAANG WALA PANG LABING-ANIM (16) NA TAONG GULANG.

SAPAGKA'T, karamihan sa mga naglalaro sa bayarang *"computer games"* ay mga kabataang wala pa sa hustong gulang at wala pa sa hustong kaisipan kaya sila ay naakit na umarkila o umupa ng *"computer games"* kaya karamihan sa kanila ay napapabayaan ang pag-aaral o kaya ay gumagawa ng masama upang magka-pera para lang mayroong maibayad sa paglalaro ng *"computer"*,

SAPAGKA'T, ang Pamahalaan ay mayroong katungkulan na pangalagaan ang mga kabataan;

KAYA'T, IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtitibay ng mga sumusunod:

Pagbabawal sa mga may-ari at namamahala ng *"computer-related business"* na mag-paarkila o magpa-upa ng *"computer games"* sa mga kabataang wala pang labing-anim (16) na taong gulang mula alas 7:00 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**



KAPARUSAHAN SA PAGLABAG:

| | UNANG PAGLABAG | PANGALAWANG PAGLABAG |
|---|---|---|
| 1. Pagpapalaro sa kabataang wala pang labing-dalawang (12) taong gulang ng *"computer games"* na walang kaukulang *"Business Permit"* sa Pamahalaang Bayan | P3,000.00 | P3,500.00 at pagkumpiska sa *"computer equipment"* |
| 2. Pagpapalaro sa kabataang wala pang labing-anim (16) na taong gulang ng *"computer games"* na wala namang kaukulang *"Business Permit"* sa Pamahalaang Bayan | 2,500.00 | P3,000.00 at pagkumpiska sa *"computer equipment"* |
| 3. Pagpapalaro sa kabatang wala pang labing-dalawang (12) taong gulang ng *"computer games"* kahit na mayroong kaukulang *"Business Permit"* sa Pamahalaang Bayan | 2,000.00 | P2,500.00 at pagkumpiska sa *"computer equipment"* |
| 4. Pagpapalaro sa kabataang wala pang labing-anim (16) na taong gulang ng *"computer games"* kahit na mayroong kaukulang *"Business Permit"* sa Pamahalaang Bayan | 1,500.00 | P2,000.00 at pagkumpiska sa *"computer equipment"* |

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

**JOSE B. CATINDIG, Jr.**
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

**LEON C. ARCILLAS**
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-38 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-24 ng Oktubre, 2001.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Pambayang Kalihim